



KAGAWARAN NG NEGOSYO AT INDUSTRIYA
KAGAWARAN NG UGNAYAN NG INDUSTRIYA
SEKSYON NG PAGSUNOD SA MEKANIKAL

**APLIKASYON PARA SA PAG-ISSUE O PAG-RENEW NG SERTIPIKO PARA
MAGTRABAHO BILANG ISANG MEKANIKO NG ELEVATOR**

PAKISULAT O I-TYPE

Inisyal Pag-renew

1. Pangalan ng Aplikante: _____ Num. ng Lisensya _____

Petsa ng Kapanganakan: _____ Numero ng Social Security: _____

Mailing Address ng Bahay: _____

Kalye/Apt./ P.O. Box: _____

Lungsod: _____ Estado: _____ Zip Code: _____

Area Code & Numero ng Telepono: _____

Email Address: _____

2. Patunay ng Pagsasanay: Pakibasa ang NAC 455C.460 para sa mga kwalipikasyon ng aplikante. I-check ang kahon sa ibaba na naaangkop:

Dapat magpakita ng patunay ang aplikante na matagumpay nilang nakumpleto ang isang pormal na programang pang-edukasyon o isang pag-apprentice na kasiya-siya sa Seksyon ng Pagsunod sa Mekanikal, tulad ng programang pagsasanay na NEIEP o kapareho.

Dapat magpakita ng patunay ang aplikante na mayroon silang hindi bababa sa 12,000 oras na karanasan sa pagtatrabaho sa konstruksyon, pag-install, pagbabago, at pagkukumpuni ng mga elevator, mga personnel hoist, o vertical reciprocating conveyor.

NAGPAPATULOY ANG FORM SA SUSUNOD NA PAHINA

Reno: 4600 Kietzke Ln, Suite F-151, Reno, NV 89502 - Telepono (775) 688-3750

Las Vegas: 2300 W. Sahara Avenue, Suite 300 Las Vegas, Nevada 89102 - Telepono (702) 486-9054
<https://dir.nv.gov/>

Dapat magpakita ng patunay ang aplikante na mayroon silang hindi bababa sa 10,000 oras na karanasan sa pagtatrabaho sa pag-install, pagbabago at pagkukumpuni ng mga elevator at may hawak na kasalukuyang sertipikasyon ng Qualified Elevator Inspector (QEI) na inisyu ng isang organisasyong may QEI Certification of Accreditation.

Dapat magpakita ng patunay ang aplikante na mayroon silang hindi bababa sa 8,000 oras ng karanasan sa pagtatrabaho sa konstruksyon, pag-install, pagbabago at pagkukumpuni ng mga elevator, matagumpay na nakatapos ng hindi bababa sa 60 semester na oras o 90 quarter na oras ng kursong trabaho mula sa isang accredited na kolehiyo o unibersidad sa isang larangan ng engineering na may kaugnayan sa konstruksyon, pag-install, pagbabago at pagkukumpuni ng mga elevator at may hawak na kasalukuyang sertipikasyon ng Qualified Elevator Inspector (QEI) na inisyu ng isang organisasyong may QEI Certification of Accreditation.

May hindi bababa sa 6,000 oras ng karanasan sa pagtatrabaho sa konstruksyon, pag-install, pagbabago at pagkukumpuni ng mga elevator ng pribadong tirahan.

4. Kung ang karanasan sa pagtatrabaho ng aplikante ay **limitado sa mga elevator ng pribadong tirahan**, ang sertipiko na inisyu alinsunod sa seksyong ito ay dapat lamang pahintulutan ang may hawak ng sertipiko na magtayo, mag-install, magbago o magkumpuni para sa elevator ng pribadong tirahan.
5. Kung ang karanasan sa pagtatrabaho ng aplikante ay **limitado sa mga personnel hoist at mga elevator ng empleyado sa mga site ng konstruksyon o demolisyon**, ang sertipiko na inisyu alinsunod sa seksyong ito ay dapat lamang pahintulutan ang may hawak ng sertipiko na magtayo, mag-install, magbago o magkumpuni ng hoist ng personnel o elevator ng empleyado sa isang site ng konstruksyon o demolisyon.
6. Kung ang karanasan sa pagtatrabaho ng aplikante ay **limitado sa mga vertical reciprocating conveyor**, ang sertipiko na inisyu alinsunod sa seksyong ito ay dapat lamang pahintulutan ang may hawak ng sertipiko na magtayo, mag-install, magbago o magkumpuni ng vertical reciprocating conveyor
7. **Litrato:** Magsama ng kamakailang litrato. Maaaring nasa digital na format ang litrato (.jpg, .gif, etc.) o maaaring mataas na kalidad ng inimprentang kopya.
8. **Bayad sa lisensya:** KASAMA ang bayad sa lisensya na \$150.00 para sa inisyal na sertipikasyon, o \$75.00 para sa pag-renew. Ang mga sertipikasyon na hindi na-renew sa petsa ng pag-expire nila ay nag-expire na at maaaring hindi na ma-renew. Gumawa ng tseke, cashier's check o money order na payable sa **Kagawaran ng Ugnayan ng Industriya**. Wala nang ibang paraan ng pagbabayad ang pinahihintulutan.
9. **Basahin at pirmahan ang sumusunod na pahayag:**

Pinapatunayan ko na lahat ng impormasyon na ibinigay sa aplikasyon na ito ay kumpleto at totoo sa abot ng kaalaman ko. Pinapatunayan ko pa na susundin ko ang lahat ng mga kinakailangan na naaangkop sa ilalim ng Nevada Revised Statutes 455C at Nevada Administrative Code 455C.

Pirma ng Aplikante

Petsa

NAGPAPATULOY ANG FORM SA SUSUNOD NA PAHINA

MANDATORYONG KINAKAILANGAN PARA SA PAGLILISENSYA

Ang Federal Welfare Reform, gaya ng ipinatupad ng 1997 Session of the Legislature ng SB 356, ay nag-aatas na ang mga propesyonal at occupational na ahensya ng paglilisensya ay magdagdag ng ilang katanungan patungkol sa suporta sa bata sa lahat ng mga aplikasyon para sa mga bagong lisensya at para sa mga pag-renew. Pakimarkahan ang naaangkop na sagot. Ang pagkabigo na makumpleto ang seksyong ito ay magrerresulta sa pagtangga sa aplikasyon.

- Ako ay **HINDI** napapailalim sa isang utos ng hukuman para sa suporta ng isang bata.
- AKO **AY** napapailalim sa isang utos ng hukuman para sa suporta ng isa o higit pang mga bata at sumusunod ako sa utos o sumusunod ako sa plano na inaprubahan ng abugado ng distrito o iba pang pampublikong ahensya na nagpapatupad ng kautusan para sa pagbabayad ng halagang dapat bayaran alinsunod sa kautusan.
- Napapailalim ako sa isang utos ng hukuman para sa suporta ng isa o higit pang mga bata at **HINDI AKO** sumusunod sa kautusan o isang planong inaprubahan ng abugado ng distrito o iba pang pampublikong ahensya na nagpapatupad ng kautusan para sa pagbabayad ng halagang dapat bayaran alinsunod sa kautusan.

Pirma ng Aplikante

Petsa

NAGPAPATULOY ANG FORM SA SUSUNOD NA PAHINA

ULAT NG PAGKAKAROON NG LISENSYA NG NEGOSYO SA NEVADA

Alinsunod sa NRS 353C.1965

**DAPAT kumpletuhin ng lahat ng aplikante ang seksyong ito
Pakisuyong pumili ng ISANG opsyon**

Mayroon akong numero ng lisensya ng negosyo sa Nevada na itinalaga ng Kalihim ng Estado ng Nevada sa pagsunod sa mga probisyon ng NRS Chapter 76.

Ang aking Numero ng Lisensya ng Negosyo sa Nevada: _____

Nag-apply ako para sa isang lisensya ng negosyo sa Nevada sa Kalihim ng Estado ng Nevada sa pagsunod sa probisyon ng NRS Chapter 76 at nakabinbin ang aplikasyon ko.

Ako ay **WALANG** numero ng lisensya ng negosyo sa Nevada.

Ang impormasyon tungkol sa lisensya ng negosyo sa Nevada ay matatagpuan sa website ng Kalihim ng Estado sa: <http://nvsos.gov/>.